Fallin'

Ex Battalion

I give my heart to you tonight
Oh baby, hold on tight
I think I'm fallin', fallin' for you
A feelin' I just can't describe
Something's tellin' me inside
I think I'm fallin', fallin' for you

Hinawakan ang kamay mo
Tinignan kita, ibang ngiti saakin
Ang yong pinadama
Hangang sa magkausap na tayo
Dun lahat ay nagbago
Yung dating Malabo
Mas luminaw pa lalo
Hangang sa nagkaroon ng pagkakataon
Na ikaw ay makasama
Di ko na pinatagal ng sa ganon
Agad agad na kita na makilala
Kahit na hindi ko alam
Kung saan nga ba ang pupuntahan
Ng ating usapan ang alam ko lang
Ako ay nahulog nanaman
I'm fallin fast and I don't know what you do
All I know is every part of me baby was you
Di ko akalain na mahuhulog pa
Pero nahulog na
At sayo napunta ang lahat ng katangian
Na hinahanap ko na wala sa iba

I give my heart to you tonight
Oh baby, hold on tight
I think I'm fallin', fallin' for you
A feelin' I just can't describe
Something's tellin' me inside
I think I'm fallin', fallin' for you

Kung alam mo lang siguro ang nadarama
Na nahulog na sayo di na kinaya
Ang pigilan na ibigin ka palaging nakabitin
Sa pagitan ng mga tanong at sana
Sana bukas ay mahulog ka na din sakin
Pero ang mga balakid ay tawirin natin
Kaso meron ding tanong kung pwede bang sakin
Ipagkatiwala lang ang damdamin
Parang dinadalaw ng imahe mo palagi
Aking puso'y hinahanap ka
Ang mga ngiti
Pati ang kinang ng yong mga mata
Sa aking utak tila nakatarak na
Kahit saan mapatingin pa man ay ganon pa din
Ikaw ang natatanaw kahit anong gawin
Kahit saan makarating bali-baliktarin
Ang sagot sa katanungan ko'y ikaw pa din
Ang nais makasama ko sa bawat sandali
At pag alayan ng lahat ng mga kayang ibigay
Pinagpala ang katulad ko ni bathala
Magmula nung sandali na sabay

Tayong tinangay ng hangin
Palapit sa isa't isa
Di ko akalain na ikaw na nga
Laging iingatan at umasa ka na sakin
'Di na papatak ang luha saiyong mga mata

I give my heart to you tonight
Oh baby, hold on tight
I think I'm fallin', fallin' for you
A feelin' I just can't describe
Something's tellin' me inside
I think I'm fallin', fallin' for you

Di naman ako dating ganto
Dati sakin ang lahat laro lang
Pero simula ng nakilala kita
Inaamin ko na ako ay naguluhan
Kasi biglang nagkaroon na lang
Ng kabuluhan para saakin ang mga
Salitang mahirap ipaliwanag pero ang
Katotohanan pagmamahal napala angkahulugan
Hangang sa di ko na mapigilan ang sarili ko
Gusto ko lagi kitang nakikita binibini ko
Dala dala ka palagi at tumatakbo ka sa isip ko
Sa sobrang sabik ko na sa piling mo
Sinasama ka hangang sa panaginip ko
Tama pa ba to? O sadyang tinamaan na ako
Wala na akong pakealam
Ano man ang kalabasan
Ang mahalaga ay sasama ako sayo
Kahit maging mahirap ang kalagyan
Para sayo kakayanin ko lahat yan
Bahala na kahit na ako'y masaktan
Ganito pala talaga
Ang pakiramdam pagnapamahal

Ewan ko lang kung tama pa ba ang lahat ng to
Ang iniisip ko na lang ay ang sarili ko
Gusto ko palagi andito ka sa tabi ko
Siguro nga ako ay nahuhulog na sayo
Nalilibang ba? O nahihibang na
Wala na kong pake-alam kahit na masaktan ka
Basta't mahal kita at yun lang ang mahalaga
Handa kong iwan ang lahat makuha lang kita

I give my heart to you tonight
Oh baby, hold on tight
I think I'm fallin', fallin' for you
A feelin' I just can't describe
Something's tellin' me inside
I think I'm fallin', fallin' for you

Tištěno z pisnicky-akordy.cz Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!